# PAGDEDESISYON AT PAGSUSURI NITO

4

ARALIN

## TALAAN NG MGA TATALAKAYIN

- Panimula
- Kanlungan: Pagpili
- Dahil…
- Isang Beses Pa
- Konklusyon
- Pagtatasa sa Estudyante

## MGA LAYUNIN

Maipakita ng mga estudyante ang proseso ng pagdedesisyon sa pamamagitan ng pagbuo ng pinal na desisyon sa simulasyon ng ligtas na kanlungan.

Maipaliwanag at magipagtanggol ng mga estudyante ang kanilang mga desisyon.

Masuri ng mga estudyante ang proseso ng pagdedesisyon.

Makilala ng mga mag-aaral na ang ilang desisyon ay kailangang baguhin at masalamin ang mga desisyon ng kanilang mga grupo.

## MGA KINAKAILANGANG MATERYALES

- Mga folder ng ligtas na kanlungan (Bahagi I)

- Isang kopya ng acitvity sheet na “Pagsusuri ng Mga Desisyon sa Ligtas na Kanlungan” para sa bawat estudyante (Bahagi II)
- Journal o papel para sa mga tugon ng estudyante (Bahagi III)

# Panimula

2 Minuto

Sabihin sa mga estudyante na ang “Ang pagtahi sa tamang oras ay nakakatipid ng siyam” ay isang kawikaan o kilalang-kilalang kasabihan. Unang isinulat ni Ben Franklin ang kasabihang ito sa *Poor Richard's Almanac.* Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng kasabihan.

Gabayan ang mga estudyante upang maunawaan na ang ibig sabihin nito ay kung gagawin natin ang mga bagay-bagay sa tamang oras, makakatipid tayo ng dagdag na trabaho.

Ipaliwanag sa mga estudyante na pareho ito sa mga desisyon. Hilingin na itaas ang kamay ng mga estudyante na may pakiramdam na madalas nilang ipinagpapaliban ang pagdedesisyon. Ipaliwanag na karaniwan ito. Hilingin sa mga estudyante na magmungkahi kung bakit nangyayari ito. (Maaaring itugon ng mga estudyante: hindi makapagpasya ang mga tao, naniniwala sila na may masasamang kahihinatnan anuman ang mangyari.)

Ipaliwanag na kung ipinagpapaliban ng mga tao ang pagdedesisyon, maaaring mawala ang mga oportunidad at ang mga kahihinatnan ay maaaring maging seryoso. Ipaliwanag sa mga estudyante na kailangan na nilang gumawa ng napapanahong desisyon.

# Bahagi I: Kanlungan: Pagpili

15 Minutes

Layunin: Masuri ng mga estudyante ang proseso ng pagdedesisyon habang ginagawa nila ang simulasyon ng kanilang mga pinal na desisyon.

**1. Masuri ng mga estudyante ang mga hakbang sa pagdedesisyon.**

Ipamahagi ang mga folder sa mga grupo.

Kasama ang mga estudyante, balik-aralan ang unang apat na mga hakbang ng proseso ng pagdedesisyon na tinalakay ninyo:

1. Tukuyin ang isyu.
2. Mangalap ng impormasyon.
3. Bumuo ng mga alternatibo.
4. Suriin ang mga kahihinatnan.

Tawagin ang mga boluntaryo upang pangalanan ang mga hakbang. Hilingin sa bawat boluntaryo na ipaliwanag kung ano ang ginawa ng kanilang grupo habang ginagawa ang hakbang na iyon. Kung naaangkop, itanong kung ano ang mga kahirapan na hinarap ng mga grupo habang nagtutulungan at bakit nangyari ang mga iyon.

**2. Makagawa ng pinal na desisyon ang mga grupo ng estudyante.**

Ipaliwanag sa mga estudyante na sa sesyon ngayon, sila ang magpapasya kung aling mga tauhan ang tatanggapin sa ligtas na kanlungan.

Tagubilinan ang mga estudyante na alalahanin ang kanilang takdang-aralin: kailangang pumili sila ng apat na tao na hindi papahintulutang makapasok sa kanlungan. Ipaalala sa kanila ang kabigatan ng sitwasyon—ang anim na taong pipiliin nila ay maaaring ang tanging anim na tao na kailangan upang simulan muli ang sangkatauhan.

Bigyan ng limang minuto ang mga estudyante upang magdesisyon. Paalalahanan silang balikan at suriin ang mga datos, isyu, at mga bagay na kanilang nakalap upang makapagdesisyon.

**3. Magkapaghanda ang mga grupo na ipakita ang kanilang mga desisyon.**

Habang nagtutulungan ang mga estuyante, isulat ang mga sumusunod na katanungan sa pisara:

- Ano ang mahahalagang isyu at bagay na kailangan ninyong isaalang-alang?
- Sino ang pinili ninyong lumipat sa ligtas na kanlungan?
- Bakit ninyo pinili ang mga taong ito?

Ipaliwanag sa mga grupo na ipepresenta nila ang kanilang mga desisyon at ang mga dahilan nito sa buong klase. Sabihin sa klase na ang bawat grupo ay magkakaroon ng dalawang minuto para sa kanilang presentasyon. Tagubilinan ang bawat grupo na pumili ng isa o dalawang tagapagsalita at bigyan sila ng limang minuto upang ayusin ang kanilang mga sagot. Tagubulinan ang mga estudyante na tugunan ang mga partikular na tanong na nasa itaas sa kanilang mga presentasyon.

# Bahagi II: Dahil… 20 Minuto

Layunin: Maipaliwanag at maipagtanggol ng mga estudyante ang kanilang mga desisyon.

**1. Maipakita ng mga grupo ang kanilang mga desisyon sa klase.**

Ipamahagi ang mga kopya ng activity sheet na "Pagsusuri ng Mga Desisyon sa Ligtas na Kanlungan" sa bawat estudyante. Pagkatapos, tawagin ang bawat grupo upang ipresenta ang kanilang desisyon at ipaliwanag ang mga dahilan sa loob ng dalawang minuto.

**2. Kukuwestyunin ang mga grupo tungkol sa kanilang mga desisyon.**

Pagkatapos ng bawat presentasyon, maglaan ng maikling panahon para sa tanong at sagot, kung saan maaaring magtanong at magkomento ang klase tungkol sa desisyon. Paalalahanan ang mga estudyante na maaaring may iba't ibang impormasyon ang ilang grupo dahil magkakaiba ang tanong nila sa mga tauhan.

Kung kinakailangan, paalalahanan ang mga estudyante tungkol sa kahalagahan ng pagiging magalang sa mga desisyon ng ibang tao. Ipunto sa mga estudyante na ang ilan sa mga salik sa proseso ng pagdedesisyon ay mga personal na paniniwala at pagpapahalaga ng isang tao. Dahil dito, kahit pareho ang impormasyon ng mga tao, maaaring magkaiba ang kanilang mga desisyon.

**3. Masuri ng mga estudyante ang desisyon ng bawat grupo.**

Pagkatapos ng bawat presentasyon at talakayan, bigyan ng ilang minuto ang mga estudyante upang tapusin ang activity sheet sa pamamagitan ng pagmamarka sa mga desisyon at mga paliwanag mula 1 hanggang 5, kung saan ang 1 ay napakahina at ang 5 ay napakahusay.

Ipalagay sa mga estudyante ang lahat ng materyales, kabilang ang mga pagsusuri, sa mga folder ng grupo. Kolektahin ang mga folder.

# Bahagi III: Isang Beses Pa 10 Minuto

Layunin: Makilala ng mga estudyante na may ilang desisyon na kailangan nilang baguhin at pagnilayan ang mga pagdedesisyon ng kanilang mga grupo.

**1. Magkaroon ng pagkakataon ang mga estudyante na balikan ang kanilang mga desisyon.**

Paalalahanan ang mga estudyante na ang huling hakbang sa proseso ng pagdedesisyon ay ang balikan, irebisa, at baguhin ang mga desisyon kung kinakailangan o kung may karagdagang impormasyon.

Hilingin sa mga estudyante na tugunan ang sumusunod na tanong sa kanilang mga journal: “Ipaliwanag kung ano ang babaguhin mo o bakit mo pinaninindigan ang desisyon ng inyong grupo.”

**2. Masuri ng mga estudyante ang kanilang sariling pagganap sa panahon ng simulasyon ng ligtas na kanlungan.**

Hilingin sa mga estudyante na balewalain ang nilalaman ng aktibidad at sa halip ay suriin ang proseso.

Pagkatapos ng ilang minuto, hikayatin ang mga estudyante na isaalang-alang kung paano nauugnay ang kanilang mga karanasan sa aktibidad na ito sa kanilang pangkalahatang proseso ng

pagdedesisyon. Itanong ang mga sumusunod na katanungan at tagubilinan ang mga estudyante na ipagpatuloy ang pagsusulat ng kanilang tugon sa kanilang mga journal:

- Ano ang nakaimpluwensya sa inyong mga desisyon sa aktibidad na ito? Anong mga salik ang nakaimpluwensya sa inyong mga desisyon araw-araw?
- Ano ang nakita mong mahirap sa simulasyon na ito? Paano ito ikukumpara sa mga desisyong hinaharap ninyo araw-araw?
- Ano ang makakatulong upang maging mas madali ang proseso ng pagdedesisyon?
- Kung gagawin mo ulit ito, ano ang ibang gagawin mo? Ano sa palagay mo ang nagawa mong mabuti?
- Paano mo gagamitin ang proseso ng pagdedesisyon sa iyong buhay?
- Bakit mahalagang maunawaan kung paano magdesisyon ng mabuti?

# Konklusyon

3 Minuto

Itanong sa mga estudyante kung bakit nakakatulong ang pagsunod sa proseso ng pagdedesisyon. Hilingin sa mga estudyante na ipaliwanag kung paano makakatulong ang kaalaman sa pagdedesisyon nang mabuti upang gabayan sila sa hinaharap. Kunin sa mga estudyante ang mga sumusunod na **pangunahing punto** na itinuro sa araling ito:

- Ang mga desisyon ay dapat gawin sa napapanahong paraan.
- Bahagi ng proseso ng pagdedesisyon ang pagkakataon na balikan at baguhin ang mga desisyong nagawa na.

# Pagtatasa sa Estudyante

1. Ano ang ibig sabihin ng napapanahong desisyon? Bakit mahalaga ang napapanahong pagdedesisyon?
2. Kailan, bakit, at paano mo babaguhin ang desisyon?

# MGA PAGPAPALAWIG NG ARALIN

## PAGGAMIT NG MGA SIPI

“Maaari nating iwasan ang pagpili sa pamamagitan ng hindi paggawa ng anuman, ngunit kahit iyon ay desisyon.”

Tagubilinan ang mga estudyante na magbigay ng mga halimbawa ng mga pagpiling nagawa dahil sila ay walang ginawang aksyon.

## PAGTUGON SA IBA'T IBANG ESTILO NG PAGKATUTO

Tagubulinan ang mga estudyante na pumili ng hakbang sa proseso ng pagdedesisyon at gumawa ng presentasyon na nagpapakita ng hakbang na iyon. Dapat gumamit ang mga estudyante ng iba't ibang uri ng media sa kanilang mga presentasyon, kabilang ang sining, mga video, awit, brochure, at iba pa.

Tagubulinan ang mga estudyante na suriin ang bawat presentasyon.

## PAGSUSULAT SA IYONG JOURNAL

Ipabasa sa mga estudyante ang activity sheet na “Araw-araw na Bayani” at isulat ang kanilang mga reaksyon.

Tagubilinan ang mga estudyante na talakayin ang pagpili na maging organ donor. Itanong, “Ano kaya ang magiging proseso ng pagdedesisyon para maging organ donor?”

# PAGGAMIT NG TEKNOLOHIYA

Tagubilinan ang mga estudyante na gumamit ng internet upang magsaliksik ng mga balita tungkol sa kamakailang desisyon ng gobyerno.

Hatiin ang mga estudyante sa mga grupo. Tagubilinan ang mga estudyante na talakayin ang kanilang mga artikulo at suriin ang ginamit na proseso ng pagdedesisyon.

# TAKDANG-ARALIN

Tagubilinan mga estudyante na saliksikin ang Oklahoma Dust Bowl at ang paglipat ng mga tao papuntang California bilang resulta nito.

Tagubilinan ang mga estudyante na magsulat sa isang pahinang papel o maghanda ng chart na nagpapakita ng mga pinili ng mga pamilyang lumipat at ang mga kinahinatnan ng mga desisyong iyon.

# MGA KARAGDAGANG RESOURCE

Basahin ang *Out of the Dust* ni Karen Hesse at/o *The Grapes of Wrath* ni John Steinbeck. Ihambing ang mga nobelang ito ng pakikibaka sa panahon ng Depresyon na may makasaysayang materyales sa mga sanhi at epekto ng tagtuyot sa Oklahoma Dust Bowl.

Tagubulinan ang mga estudyante na magdebate tungkol sa mga desisyong agrikultural at pulitikal noong panahong iyon, na nakikipagargumento para sa/laban sa mga alternatibong maaaring pumigil sa sakuna.